EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 1

Aplikasyon para sa Open Enrollment

Batayang legal: NRS 388.040(2)(e), (4)(a) | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Magsumite ng isang aplikasyon para sa bawat estudyante. Kailangan lamang ang aplikasyon kung humihiling kayo ng paaralang iba sa paaralang itinakda para sa inyong anak batay sa inyong tirahan (zone). Walang matrikula o anumang bayad sa pag-aaral sa isang paaralan ng Distrito sa pamamagitan ng open enrollment.

Panahon ng aplikasyon: magbubukas sa _____ | Huling araw: _____ | Ilalabas ang mga desisyon bago o sa: _____

Seksiyon A — Estudyante

Legal na pangalan ng estudyante		**Petsa ng kapanganakan**	
Student ID (kung alam)		**Kasalukuyang baitang**	
Baitang na inaaplayan		**Hinihiling na taon ng pag-aaral**	

Seksiyon B — Magulang o legal na tagapag-alaga

Pangalan		**Kaugnayan sa estudyante**	
Telepono		**Email**	
Gustong wika		**Pangalawang contact (opsiyonal)**	

Tirahan	

Ang inyong tirahan ay gagamitin lamang upang kumpirmahin kung saang paaralan nakatakdang pumasok ang inyong anak batay sa zone, at upang ipatupad ang prayoridad sa pagpapatala na iniaatas ng NRS 388.040(4)(a)(7)(I). Hindi ito gagamitin upang i-ranggo o salain ang mga aplikante.

Seksiyon C — Mga hinihiling na paaralan

Pagpipilian	Hinihiling na paaralan	Hinihiling na baitang
Unang pagpipilian		
Pangalawang pagpipilian (opsiyonal)		
Kasalukuyang paaralan batay sa zone		

Seksiyon D — Tanong tungkol sa pagiging kwalipikado

Pinahihintulutan ng batas ng Nevada ang Distrito na isaalang-alang ang iisang impormasyon lamang mula sa rekord ng disiplina. Pakisagot ang nag-iisang tanong sa ibaba.

☐ Oo ☐ Hindi — Sa taon ng pag-aaral na pinag-aaplayan nito, o sa taon ng pag-aaral kaagad bago nito, nasuspinde ba ang estudyante nang 10 araw o higit pa, o na-expel (pinatalsik)? (NRS 388.040(5)(f))

Hindi hihingin o isasaalang-alang ng Distrito ang mga grado, iskor sa pagsusulit, katayuan bilang gifted, portfolio, audition, tryout, kakayahan sa isports o sining, paglahok sa mga extracurricular na gawain, katayuan ng kapansanan, katayuan bilang English learner, o anumang iba pang rekord ng disiplina.

Seksiyon E — Pagkilala tungkol sa transportasyon

Alinsunod sa NRS 386.790(4), nagpasya ang Board of Trustees na hindi magbigay ng transportasyon para sa mga estudyanteng pumapasok sa paaralang nasa labas ng kanilang zone sa pamamagitan ng open enrollment. Kung maaprubahan ang aplikasyong ito, ang magulang o legal na tagapag-alaga ang mananagot sa transportasyon, maliban kung ang transportasyon ay kinakailangan ng isang IEP (Individualized Education Program), Section 504 plan, McKinney-Vento Act, o ng pagpapasya tungkol sa school of origin para sa estudyanteng nasa foster care.

☐ Nauunawaan ko na hindi nagbibigay ang Distrito ng transportasyon para sa mga estudyanteng nailagay sa paaralan sa pamamagitan ng open enrollment.

☐ Pakipadalhan ako ng impormasyon tungkol sa programa ng Estado para sa tulong sa transportasyon (NRS 388.041). Ang paghiling ng impormasyong ito ay walang epekto sa aplikasyong ito.

Seksiyon F — Pagpapatunay

Pinatutunayan ko na totoo at tama ang impormasyong ibinigay. Nauunawaan ko na ang pagsusumite ng aplikasyon ay hindi garantiya ng pag-apruba, na ang pag-apruba ay nakadepende sa inilathalang kapasidad ng bawat baitang, at na ang pag-aprubang nakuha sa pamamagitan ng makabuluhang maling impormasyon ay maaaring bawiin.

Magulang o legal na tagapag-alaga (pangalan sa malalaking titik)	**Lagda**	**Petsa**

Para lamang sa Distrito

Application ID	Petsa/oras ng pagtanggap	Zone na beripikado ni	Nasa oras / huli
Kategorya ng prayoridad	Inilathalang kapasidad	Bakanteng puwesto	Desisyon

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 2

Kumpirmasyon ng Pagtanggap ng Aplikasyon

Batayang legal: Regulasyon § 3.3 | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Hinihiling na paaralan		**Hinihiling na baitang**	
Petsa ng pagtanggap		**Nasa oras / huli**	

Mahal na [Magulang o Legal na Tagapag-alaga]:

Natanggap ng Eureka County School District ang inyong aplikasyon para sa open enrollment para sa estudyanteng nakapangalan sa itaas sa petsang nakasaad. Susuriin ang inyong aplikasyon alinsunod sa inilathalang patakaran ng Distrito at sa inilathalang kapasidad ng bawat baitang.

Makatatanggap kayo ng nakasulat na desisyon — pag-apruba, paglalagay sa waitlist, o pagtanggi — nang hindi lalampas sa _____.

Kung ang mga aplikasyon para sa hinihiling na baitang ay lumampas sa inilathalang kapasidad, ang mga puwesto ay unang ibibigay sa mga estudyanteng nakatira sa zone ng paaralang nakatanggap ng isa sa dalawang pinakamababang rating ng pagganap mula sa Estado noong nakaraang taon, pagkatapos ay sa anumang karagdagang prayoridad na pinagtibay ng Lupon, at pagkatapos ay sa pamamagitan ng random na palabunutan (lottery). Ang waitlist ay binubuo mula sa parehong palabunutan.

Hindi nagbibigay ang Distrito ng transportasyon para sa mga estudyanteng nailagay sa paaralan sa pamamagitan ng open enrollment. Tingnan ang kalakip na impormasyon tungkol sa transportasyon.

Mga tanong: _____ , _____ , telepono _____ , email _____.

Inisyu ni (pangalan sa malalaking titik at posisyon)	Lagda	Petsa

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 3

Abiso ng Pag-apruba at Alok ng Puwesto

Batayang legal: NRS 388.040(4)(a)(6), (4)(d)–(e) | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Inaprubahang paaralan		**Baitang**	
Taon ng pag-aaral		**Petsa ng abiso**	

Mahal na [Magulang o Legal na Tagapag-alaga]:

Ang inyong aplikasyon para sa open enrollment ay INAPRUBAHAN. Maaaring pumasok ang estudyanteng nakapangalan sa itaas sa paaralang nakasaad para sa taon ng pag-aaral na nakatala.

Pagtanggap sa puwesto

Pakitanggap o tanggihan ang puwestong ito nang hindi lalampas sa _____ (10 araw ng trabaho mula sa petsa ng abisong ito). Kung hindi makatanggap ang Distrito ng tugon sa takdang petsang iyon, maaaring bawiin ang alok at ialok ang puwesto sa susunod na estudyante sa waitlist.

☐ Tinatanggap ko ang puwesto. ☐ Tinatanggihan ko ang puwesto.

Mga susunod na hakbang

- Kumpletuhin ang pagpapatala sa tatanggap na paaralan sa _____ bago o sa _____.
- Ito ay permanenteng paglipat. Hindi na ninyo kailangang mag-aplay muli sa anumang susunod na taon ng pag-aaral. Maaaring manatili ang estudyante sa paaralang ito hanggang sa pinakamataas na baitang na iniaalok ng paaralan.
- Sakop ang estudyante ng parehong mga patakaran sa pag-uugali, pagpasok, pag-akyat ng baitang, at pagtatapos na ipinatutupad sa lahat ng estudyanteng nakatala sa paaralan.

Transportasyon

Hindi nagbibigay ang Distrito ng transportasyon para sa mga estudyanteng nailagay sa paaralan sa pamamagitan ng open enrollment. Ang magulang o legal na tagapag-alaga ang mananagot sa transportasyon, maliban kung ang transportasyon ay kinakailangan ng isang IEP (Individualized Education Program), Section 504 plan, McKinney-Vento Act, o ng pagpapasya tungkol sa school of origin para sa estudyanteng nasa foster care. Kalakip ang impormasyon tungkol sa programa ng Estado para sa tulong sa transportasyon sa ilalim ng NRS 388.041; ang paghiling ng tulong ay hiwalay na pinoproseso mula sa desisyong ito sa paglalagay at hindi ito naaapektuhan.

Inisyu ni (pangalan sa malalaking titik at posisyon)	Lagda	Petsa

Ang mga kopya ng abisong ito ay dapat ipadala sa estudyante at sa magulang o legal na tagapag-alaga, at sa mga punong-guro ng PAREHONG paaralang pinanggalingan at tatanggap na paaralan, gaya ng iniaatas ng NRS 388.040(4)(a)(6). Itala sa ibaba ang pamamahagi.

Pinadalhan ng kopya	Pangalan	Petsa ng pagpapadala
Punong-guro ng paaralang pinanggalingan		
Punong-guro ng tatanggap na paaralan		
Estudyante / magulang o tagapag-alaga		

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 4

Abiso ng Waitlist

Batayang legal: Regulasyon §§ 5–6 | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Hinihiling na paaralan		**Hinihiling na baitang**	
Taon ng pag-aaral		**Unang puwesto sa waitlist**	

Kategorya ng prayoridad		**Petsa ng pagbuo ng waitlist**	

Mahal na [Magulang o Legal na Tagapag-alaga]:

Naabot na ng baitang na inyong hiniling ang inilathalang kapasidad nito para sa siklo ng aplikasyong ito. Inilagay ang inyong anak sa waitlist sa puwestong nakasaad sa itaas.

Kung magkaroon ng bakanteng puwesto, mag-aalok ang Distrito nang mahigpit na ayon sa inilathalang pagkakasunod-sunod — una ang mga estudyanteng may prayoridad ayon sa batas, pagkatapos ay ang anumang karagdagang prayoridad na pinagtibay ng Lupon, at pagkatapos ay ang iba pang aplikante ayon sa pagkakasunod-sunod sa palabunutan. Makikipag-ugnayan kami sa inyo gamit ang impormasyon sa inyong aplikasyon, kaya mangyaring ipaalam agad sa amin kung magbago ang inyong telepono, email, o tirahan.

Ang abisong ito ay hindi pagtanggi. Kung nais ninyo ng nakasulat na desisyon na maaari ninyong iapela, o kung walang aksiyong ginawa ang Distrito pagsapit ng inilathalang petsa ng desisyon, maaari kayong magsumite ng Form 6 sa Superintendent.

Kung may maialok na puwesto sa ibang pagkakataon, ibibigay ang impormasyon tungkol sa transportasyon kasama ng abiso ng alok. Hindi nagbibigay ang Distrito ng transportasyon para sa mga estudyanteng nailagay sa paaralan sa pamamagitan ng open enrollment.

Inisyu ni (pangalan sa malalaking titik at posisyon)	Lagda	Petsa

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 5

Abiso ng Pagtanggi

Batayang legal: NRS 388.040(5)–(6); Regulasyon § 4.3 | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Hinihiling na paaralan		**Hinihiling na baitang**	
Taon ng pag-aaral		**Petsa ng abiso**	

Mahal na [Magulang o Legal na Tagapag-alaga]:

TINANGGIHAN ng Distrito ang aplikasyon para sa open enrollment ng estudyanteng nakapangalan sa itaas. Ang tiyak na dahilan ay may tsek sa ibaba.

Dahilan ng pagtanggi — dapat lagyan ng tsek ang isang batayan

☐ Walang bakanteng kapasidad sa hinihiling na baitang matapos ipatupad ang prayoridad ayon sa batas at anumang palabunutan.

Inilathalang kapasidad para sa baitang na ito: _____ Bakanteng puwesto: _____ Natanggap na aplikasyon: _____

☐ Hindi iniaalok ng hinihiling na paaralan ang baitang ng estudyante.

☐ Ang hiling ay hindi para sa pagpasok sa labas ng itinakdang zone ng estudyante; hindi kailangan ng aplikasyon.

☐ Ang hinihiling na paaralan ay isang espesyalisadong paaralan na exempted sa ilalim ng NRS 388.040(4)(a)(2). Batayan: _____

☐ Sa taon ng pag-aaral na pinag-aplayan ng aplikasyong ito o sa taon ng pag-aaral kaagad bago nito, ang estudyante ay nasuspinde nang 10 araw o higit pa, o na-expel (pinatalsik). (NRS 388.040(5)(f))

Aksiyong pandisiplina na pinagbatayan: _____ Taon ng pag-aaral: _____

☐ Isinumite ang aplikasyon pagkatapos ng inilathalang huling araw at wala nang natitirang puwesto.

☐ Naglalaman ang aplikasyon ng makabuluhang maling impormasyon.

Paliwanag	

Ang inyong karapatang umapela

Maaari ninyong iapela ang pagtangging ito sa Superintendent of Schools sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form 6 sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa petsa ng abisong ito. Isumite ang apela sa _____ , _____ , o sa pamamagitan ng email sa _____. Maglalabas ang Superintendent ng nakasulat na desisyon sa loob ng 10 araw ng trabaho mula nang matanggap ang apela. Sa ilalim ng NRS 388.040(6), pinal ang desisyon ng Superintendent.

Hindi nagbibigay ang Distrito ng transportasyon para sa mga estudyanteng nailagay sa paaralan sa pamamagitan ng open enrollment.

Inisyu ni (pangalan sa malalaking titik at posisyon)	Lagda	Petsa

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 6

Form ng Apela para sa Open Enrollment

Batayang legal: NRS 388.040(6) | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Gamitin ang form na ito upang iapela ang pagtanggi, o ang hindi pagkilos ng Distrito sa isang aplikasyon pagsapit ng inilathalang petsa ng desisyon. Isumite sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa abiso ng pagtanggi o sa petsa ng desisyong hindi natupad.

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Hinihiling na paaralan		**Hinihiling na baitang**	
Magulang / tagapag-alaga		**Telepono / email**	

Desisyong inaapela

☐ Pagtanggi na may petsang: _____ ☐ Walang aksiyon pagsapit ng inilathalang petsa ng desisyon na: _____

Bakit dapat muling isaalang-alang ang desisyon

Paliwanag	

Hinihiling na lunas at mga kalakip

☐ Aprubahan ang aplikasyon ☐ Iba pa: _____

Mga kalakip na dokumento	

Magulang o legal na tagapag-alaga (pangalan sa malalaking titik)	Lagda	Petsa

Para sa Distrito — petsa ng pagtanggap	Takdang petsa ng desisyon sa apela	Ipinasa sa Superintendent noong	Unang desisyon na inisyu ni

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 7

Desisyon ng Superintendent sa Apela

Batayang legal: NRS 388.040(6) | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Pangalan ng estudyante		**Application ID**	
Hinihiling na paaralan		**Hinihiling na baitang**	
Natanggap ang apela		**Petsa ng desisyon**	

Mahal na [Magulang o Legal na Tagapag-alaga]:

Sinuri ko ang inyong apela tungkol sa desisyon ng Distrito sa open enrollment para sa estudyanteng nakapangalan sa itaas, kasama ang aplikasyon, ang unang desisyon, ang mga dokumento ng apela, at ang inilathalang patakaran, regulasyon, at mga ipinaskil na kapasidad ng Distrito.

Desisyon

☐ PINAGBIGYAN ANG APELA — inaprubahan ang aplikasyon. Kumpletuhin ang pagpapatala bago o sa _____. Kalakip ang impormasyon tungkol sa transportasyon.

☐ BAHAGYANG PINAGBIGYAN ANG APELA — wala nang natitirang puwesto sa baitang sa ngayon. Inilagay ang estudyante sa pinakaunang puwesto ng waitlist para sa baitang na iyon.

☐ TINANGGIHAN ANG APELA — nananatiling tinanggihan ang aplikasyon.

Dahilan ng desisyon	

Sa ilalim ng NRS 388.040(6), ito ang pinal na desisyon ng Distrito sa aplikasyong ito.

Mga tanong tungkol sa pagpapatupad ng desisyong ito: _____ , _____ .

Superintendent of Schools	Lagda	Petsa

EUREKA COUNTY SCHOOL DISTRICT
Open Enrollment (Bukas na Pagpapatala) — Form 8

Kahilingan para sa Tulong sa Transportasyon at Pagtatasa ng Pangangailangan

Batayang legal: NRS 388.041; LCB File No. R076-25 §§ 2(3), 4(2)–(3) | Patakaran ng Lupon 5170 at Regulasyon 5170

Ang form na ito ay hiwalay sa desisyon sa paglalagay sa open enrollment at susuriin lamang matapos mailabas ang desisyon sa paglalagay. Walang anumang nasa form na ito ang ibabahagi sa, o isasaalang-alang ng, mga kawaning sumusuri sa mga aplikasyon. Ang pagsusumite ng form na ito ay hindi garantiya na magkakaroon ng tulong sa transportasyon.

Pangalan ng estudyante		**Baitang**	
Paaralang pinaglagyan		**Katayuan ng paglalagay**	
Magulang / tagapag-alaga		**Telepono / email**	

Tirahan	

Bahagi 1 — Uri ng hinihiling na tulong

Pumili ng isa. (R076-25 § 2(3)(a))

☐ Sumali sa mga serbisyo sa transportasyon na iniaalok ng Distrito o ng ibang organisasyon, kung mayroon.

☐ Reimbursement (pagbabayad muli) para sa gastos sa transportasyon, kung mayroon.

☐ Suporta para sa pampublikong transportasyon ☐ Iba pa: _____

Bahagi 2 — Espesyal na pangangailangan sa transportasyon

May anumang espesyal na pangangailangan ba ang estudyante kaugnay ng transportasyon dahil sa kapansanan o iba pang dahilan? ☐ Oo ☐ Hindi (R076-25 § 2(3)(b))

Kung oo, ilarawan ang kinakailangang akomodasyon	

Huwag isama ang medikal na diyagnosis. Kung may IEP o Section 504 plan ang estudyante na nag-aatas ng transportasyon bilang kaugnay na serbisyo, ibinibigay ng Distrito ang transportasyong iyon ayon sa iniaatas ng batas, anuman ang nakasaad sa form na ito.

Bahagi 3 — Pagiging kwalipikado para sa tulong na pinopondohan ng Estado

Ang pondo ng Estado para sa tulong sa transportasyon sa ilalim ng NRS 388.041 ay limitado sa mga estudyanteng nakatutugon sa parehong pamantayan sa ibaba. (R076-25 § 4(2))

☐ Nakatira ang estudyante sa attendance zone ng isang pampublikong paaralan na, sa taon ng pag-aaral na kaagad na nauna, ay nakatanggap ng isa sa dalawang pinakamababang rating ng pagganap sa ilalim ng statewide accountability system.

☐ Walang ibang posibleng paraan ng transportasyon na magagamit ang estudyante.

Itinuturing na walang ibang posibleng paraan ng transportasyon ang estudyante kung wala siyang maaasahang paraan upang makarating sa paaralan sa tamang oras sa simula ng araw ng klase, o upang umalis sa paaralan sa pagtatapos ng araw ng klase. (R076-25 § 4(3))

Ilarawan ang hadlang sa transportasyon	

Bahagi 4 — Pagpapatunay

☐ Pinatutunayan ko na walang ibang posibleng paraan ng transportasyon na magagamit ang estudyante, ayon sa kahulugan sa itaas. (R076-25 §§ 2(3)(c), 4(2)(b))

☐ Nauunawaan ko na kung gagamit ang estudyante ng transportasyong pinopondohan ng grant ng Estado at pagkatapos ay lilipat sa ibang paaralan, kailangan kong abisuhan ang Nevada Department of Education. (NRS 388.041(2))

☐ Totoo at tama ang impormasyong ibinigay sa form na ito.

Magulang o legal na tagapag-alaga (pangalan sa malalaking titik)	**Lagda**	**Petsa**

Para sa Distrito — petsa ng pagtanggap	**Sinuri ni (opisina ng transportasyon)**	**Pagpapasya**